

ANO ANG EARLY START?

Isang interagency na sistema sa buong estado ng pinagtugmang mga serbisyo sa maagang pamamagitan (early intervention) para sa mga sanggol at paslit na mayroon o nasa panganib para sa mga kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad at ang kanilang mga pamilya. Ang mga Sentrong Panrehiyon ay bukas at tumatanggap ng mga pagsasangguni para sa Early Start sa panahon ng COVID-19. Kung sa tingin mo ang isang sanggol o paslit ay naantala ang pag-unlad o hindi tipikal ang pag-unlad, kung gayon:

I-screen



Maaaring karapat-dapat ang isang bata para sa mga serbisyo ng maagang pamamagitan kung sila ay:

- Nagpapakita ng pagkaantala sa pag-unlad sa isa o higit pang mga aspetong kognitibo, pangkomunikasyon, panlipunan o emosyonal, pang-angkop, o pisikal na pag-unlad at motor na pag-unlad, kabilang ang sa paningin o pandinig;
- Mayroong naitatag na kondisyon ng panganib na may kilalang pinagmulan, na may mataas na kalamangan na magreresulta sa naantalang pag-unlad; o
- Itinuturing na nasa mataas na panganib ng pagkakaroon ng malaking kapansanan sa pag-unlad dahil sa kumbinasyon ng mga salik na biomedical na panganib na nasuri ng kwalipikadong kawani.

I-refer



- Mga Lokal na Sentrong Panrehiyon <https://www.dds.ca.gov/rc>
- Lokal na Ahensyang Pang-edukasyon <http://www.cde.ca.gov/sp/se> (para sa mga batang may mababang insidente lamang ng kapansanan sa paningin, pandinig, at ortopedik.
- Sa loob ng 45 araw, ang sentrong panrehiyon o lokal na ahensyang pang-edukasyon ay:
 - Magtatalaga ng Koordinator ng Serbisyo
 - Kukuha ng pahintulot ng magulang
 - Mag-iiskedyul at magkukumpleto ng mga pagtatasa
 - Bubuo ng Pang-indibidwal na Plano ng Serbisyong Pampamilya [Individualized Family Service Plan (IFSP)] para paunlarin ang mga kalakasan at mga serbisyo
 - Magkakaloob ng mga serbisyo sa bahay o sa komunidad
- Pumunta sa <https://www.dds.ca.gov/services/early-start/what-is-early-start> para malaman nang higit pa ang tungkol sa proseso ng pagsasangguni.

Makisali



- Makipagtulungan sa mga mapagkukunan ng komunidad sa pagpapalano ng paggamot sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na komunikasyon;
- Makilahok sa pamamagitan ng conference call;
- Dumalo sa mga pagpupulong ng IFSP; o
- Magbigay ng input at tumanggap ng feedback mula sa pangkat na tagatasa.
- Maaari kang maging ang tagapag-ugnay sa pagitan ng mga pamilya at proseso ng maagang pamamagitan! Para sa impormasyon tungkol sa suporta sa pamilya, pumunta sa website ng Mga Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya (Family Resource Centers) sa <http://www.frcnca.org>

Tingnan ang mga Resulta



- Nakita sa mga pag-aaral na ang mga bata na nakikilahok sa mataas na kalidad na mga programa ng maagang pamamagitan/maagang pag-unlad ng bata ay kadalasang
 - Hindi gaanong nangangailangan ng espesyal na edukasyon at iba pang mga espesyal na serbisyo;
 - May mas mahusay na mga kakayahan sa wika;
 - May mas mahusay na nutrisyon at kalusugan; at
 - Hindi gaanong nakaranas ng abuso at pagpapabaya sa anak.



California Department of
Developmental Services



Para sa higit na impormasyon at/o mga tanong tungkol sa mga pagsangguni sa Early Start, pakitawagan ang Early Start BabyLine sa 1-800-515-BABY o mag-email sa EarlyStart@dds.ca.gov.